

## Mga Alituntunin para sa Kwalipikasyon sa Tulong-Pinansyal

Isasaalang-alang ng Baptist Health ang iyong katayuang pampinansyal upang mapagpasyahan kung natutugunan mo ang mga alituntunin para sa tulong-pinansyal o may diskwentong pangangalaga. Isasaalang-alang namin ang kita ng iyong pamilya, ang bilang ng tao sa iyong pamilya, at ang iba pang mga pinagkukunan gaya ng mga ipon o investment. Gagamitin namin ang impormasyong ibibigay mo at ang Mga Pederal na Alituntunin kaugnay ng Kahirapan upang mapagpasyahan ang kwalipikasyon sa tulong-pinansyal.

## Patakaran sa Tulong-Pinansyal at Pinansyal na Diskwento

Sa Baptist Health, sensitibo kami sa mga pangangailangan ng mga pasyente na hindi tiyak kung kaya nilang bayaran ang kailangan nilang pangangalaga. Bilang bahagi ng aming nagpapatuloy na pangako sa kalusugan ng komunidad, patakaran namin na tulungan ang aming mga pasyente na maunawaan ang mga pinansyal na mapagkukunan na maaari nilang magamit upang matulungan sila.

Nag-aalok ang Baptist Health ng:

- **Tulong** upang makapag-apply ang mga pasyente para sa mga programa ng pamahalaan gaya ng Medicaid at iba pang mga programa ng estado at lokal na pamahalaan.
- **Tulong-Pinansyal o May Diskwentong Pangangalaga** sa mga pasyenteng nakakatugon sa mga alituntunin na walang insurance. Ang mga serbisyong kinakailangan dahil sa medikal na dahilan na ipinagkakaloob sa aming mga Ospital ay sakop sa aming Patakaran sa Tulong-Pinansyal (FAP). Hindi kwalipikado sa tulong-pinansyal ang lahat ng iba pang medikal na serbisyo.
- **Mga Plan ng Flexible na Pagbabayad** batay sa katayuang pampinansyal ng pasyente at kabuuang halaga na dapat bayaran. Ang layunin namin ay tulungan ang mga pasyente na mabayaran ang kanilang mga bill sa patas na paraan batay sa kanilang mga kalagayan.
- **Mga referral** sa mga programa para sa medikal na pangangalaga kung hindi kwalipikadong makatanggap ng tulong-pinansyal ang mga pasyente.









Magpapasagot sa iyo ng isang simpleng form at ipapakumpirma sa iyo ang kita at mga asset ng iyong pamilya. Ang buod na ito, ang FAP, at ang mga form ng aplikasyon ay makikita sa aming website sa [www.baptistjax.com/fap](http://www.baptistjax.com/fap) at sa Discharge Cashier's Office na makikita sa lahat ng aming ospital. Maaaring makuha ang mga libreng kopya ng FAP at mga form ng aplikasyon sa pagtawag sa aming mga Patient Financial Assistance Office sa 904.202.2092, opsyon 1. Maaari ka ring sumulat sa: Attn: Financial Assistance Advocate, P.O. Box 45094, Jacksonville, FL 32232.

Kung mayroon kang mga tanong o kung gusto mong malaman kung natutugunan mo ang mga alituntunin para sa tulong-pinansyal, mangyaring makipag-usap sa isa sa aming mga Patient Financial Advocate nang personal o sa telepono sa mga lokasyong nakalista sa ibaba.

Ospital	Telepono	Address
Baptist Medical Center Jacksonville	904.202.2092	800 Prudential Dr., Jacksonville, FL 32207
Baptist Medical Center Beaches	904.627.1898	1350 13th Ave. South, Jacksonville Beach, FL 32250
Baptist Medical Center Nassau	904.321.3919	1250 South 18th St., Fernandina Beach, FL 32034
Baptist Medical Center South	904.271.6885	14550 Old St. Augustine Rd., Jacksonville, FL 32258
Wolfson Children's Hospital	904.202.2092	800 Prudential Dr., Jacksonville, FL 32207

## Mga Alituntunin para sa kwalipikasyon sa pangangalagang pangkawanggawa

Upang matukoy kung kwalipikado ka para sa tulong-pinansyal, isinasaalang-alang namin kung magkano ang kita na tinatanggap ng iyong pamilya bawat taon, ilang tao ang nasa iyong pamilya, at anong iba pang mga pinansyal na pinagkukunan ng sambahayan na maaaring mayroon ka ("mga discretionary asset"). Ikinukumpara namin ang impormasyong iyong ibinigay sa amin sa kasalukuyang Mga Pederal na Alituntunin kaugnay ng Kahirapan (FPG). Ang tsart sa ibaba ay isang pangkalahatang patnubay:

Bilang ng tao sa sambahayan	Maaaring magamit ang ganap na pangangalagang pangkawanggawa (libreng pangangalaga) kung ang iyong taunang kita ng pamilya ay:	Maaaring magamit ang bahagyang pangangalagang pangkawanggawa o mga diskwento kung ang iyong taunang kita ng pamilya ay:
	<i>Mababa sa 200% ng 2019 FPG</i>	<i>200% hanggang 400% ng 2019 FPG</i>
	Mas mababa sa \$24,280	\$24,280 hanggang \$48,560
	Mas mababa sa \$32,920	\$32,920 hanggang \$65,840
	Mas mababa sa \$41,560	\$41,560 hanggang \$83,120
	Mas mababa sa \$50,200	\$50,200 hanggang \$100,400
	Mas mababa sa \$58,840	\$58,840 hanggang \$117,680
	Mas mababa sa \$67,480	\$67,480 hanggang \$134,960
	Mas mababa sa \$76,120	\$76,120 hanggang \$152,240
	Mas mababa sa \$84,760	\$84,760 hanggang \$169,520
Mahigit sa 8 tao sa iyong sambahayan	Magdagdag ng \$4,320 para sa bawat karagdagang tao	

Kung sa palagay mo ay kwalipikado ka para sa tulong-pinansyal o mga pinansyal na diskwento, hinihikayat ka namin na makipag-usap sa isa sa aming mga patient financial advocate upang isaayos ang pinansyal na pagsusuri. Tingnan ang unang pahina para sa impormasyon ng contact sa bawat lokasyon.



Layunin ng Baptist Health na magbigay ng mga madaling makuha at de-kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa makatuwirang halaga sa lugar at paraan kung saan pinagyayaman ang pagbibigay ng respeto at pag-unawa.